# Point VIEWER Publishing

PVN

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. 09 | ISSUE NO . 03 | AUGUST 17 - 23, 2026 | ₱ 15.00


## The Word of God



**Mark 8:34-35 NIV**

Then he called the crowd to him along with his disciples and said: "If anyone would come after me, he must deny himself and take up his cross and follow me. For whoever wants to save his life will lose it, but whoever loses his life for me and for the gospel will save it."



by: Bro. Ernie Acayan

CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

# CLIMATE CHANGE TASK FORCE LEADS MULTI-SECTORAL PARTNERSHIP SIGNING; DECLARES "CLIMATE ACTION, NOW!"

P.2

**Tagaytay to host Asian Youth Plus Track Championships in 2027** P.8





## National Bank Open organizer, gulat sa Pinoy power ni Eala at ng buhos ng fans nito

BASAHIN SA PAHINA 8

## Ambuklao at Binga dams, nagpakawala na ng tubig sa gitna ng tuluy-tuloy at mabibigat na pag-ulan

BASAHIN SA PAHINA 2

## BEERMEN TINAMBAKAN ANG MACAU 131-79

BASAHIN SA PAHINA 8





## SOCCSKSARGEN Region, Lets Show our Support for USEC Mabborang!

P.3

## DOST-NCR OPENS 2026 REGIONAL SCIENCE, TECHNOLOGY, AND INNOVATION WEEK IN VALENZUELA CITY

BASAHIN SA PAHINA 3





## Sabalenka, Pegula, Swiatek, pare-parehong nakapasok sa Round of 16 ng Canadian Open

BASAHIN SA PAHINA 8



**FIFA pres. Infantino humingi ng paumanhin matapos ang batikos dahil sa planong pagbenta ng stakes** PAHINA 8

**Climate Change Task Force Leads "Oplan Linis Kalikasan" Cleanup Drive at Mines View Park, Baguio City** PAHINA 2

**DA: P20/KL bigas, itutuloy hanggang matapos ang termino ni PBBM** PAHINA 3

PAHINA 2 **Atty. Torreon, hindi pa umano batid kung saan nagsimula ang impormasyong naaresto na si Sen. Dela Rosa**



# Climate Change Task Force Leads "Oplan Linis Kalikasan" Cleanup Drive at Mines View Park, Baguio City

July 31, 2026 | Baguio City – The Climate Change Task Force (CCTF) leads a unified environmental action today with Oplan Linis Kalikasan, a joint cleanup and stewardship activity held at the iconic Mines View Park, in partnership with the Baguio City Government and its allied command units.

This collective initiative brings together the Science and Technology for Environmental Progress Command (STEP), Environmental Protection and Enforcement Command (EPEC), Reforestation and Biodiversity Command (RB), and Industrial Environmental Safety & Pollution Control Command to advance environmental protection, proper waste management, and climate action at one of Baguio's most visited public spaces.

The program opened with an invocation led by DCom Van Ardhy Arciaga, followed by the singing of the National Anthem headed by DCom Mark Dela Cruz. SDCom Col. Jerito Adigue delivered welcome remarks, while messages of support were conveyed by SDCom Clef Gonadan and SDCom Audie Buendia, affirming the task force's resolve to prioritize community-led environmental sustainability.

Activity proceedings included a walkthrough of objectives and safety protocols, the actual park cleanup, and reading of official General Orders by SDCom Richard Nixon Gomez.

"Oplan Linis Kalikasan is more than a cleanup drive: it is a testament to our shared duty to safeguard our ecosystems for future generations," the CCTF stated. "Through unified coordination, volunteerism, and strong partnerships with local government and communities, we turn climate commitments into tangible action."

The activity aims to leave Mines View Park cleaner and more sustainable, strengthen inter-command collaboration, raise public awareness on environmental care, and forge lasting partnerships between the CCTF, Baguio City Government, and local civil society groups. It also seeks to establish a replicable model for future joint environmental initiatives across the region.

# Climate Change Task Force Leads Multi-Sectoral Partnership Signing; Declares "Climate Action, NOW!"

BAGUIO CITY – July 30, 2026 – The Climate Change Task Force convened key government agencies, uniformed services, and sectoral representatives at 5:00 PM in Baguio City for the signing of the Inaugural Multi-Sectoral Partnership Memorandum of Agreement. Anchored on the battle cry "Climate Action, NOW!" and guided by the vision "Partnership for a Sustainable, Resilient and Climate-Smart Nation," the event formalizes unified, coordinated action to address pressing environmental challenges across the country.

The memorandum of agreement was signed by the heads of the lead environment-focused commands:

- National Commander Dr. Richard Nixon Gomez, Senior Deputy Commandant, Science and Technology for Environmental Progress (STEP)
- MGen. Jerry A. Adigue, Senior Deputy Commandant, Industrial Environmental Safety and Pollution Control Command (IESPCC)
- MGen. Clifford Gonadan, Senior Deputy Commandant, Environmental Protection Enforcement Command (EPEC)
- MGen. Modesto C. Buendia, Senior Deputy Commandant, Reforestation and Biodiversity Command (RBC)
- Atty. Luz O. Laureta-Balisong, Senior National Commission of Senior Citizens

Distinguished officials present during the ceremony:

- Assistant Director Virgilio R. Castillo II, Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA)
- Regional Director Atty. Lorelie S. Vargas, Department of Trade and Industry (DTI)
- BGen. Orly Dela Cuesta, Regional Consultant, IESP-CC

The partnership establishes a coordinated framework for joint initiatives including strict enforcement of environmental laws, pollution control and mitigation, large-scale reforestation and biodiversity conservation, integration of science and technology in climate adaptation and mitigation, promotion of green industries and sustainable livelihoods, and protection of vulnerable sectors – including senior citizens – from the impacts of climate change. Agencies also committed to align environmental protection efforts with anti-illegal operations, eliminating activities that destroy ecosystems alongside other unlawful practices.

Aligned with the call for "Climate Action, NOW!", priority programs will be piloted in key areas before being rolled out nationwide — supported by regular multi-sectoral consultations, joint monitoring, capacity-building activities, and public information campaigns.




# Rappelling and Rope Safety Training Held for CCTF-STEP Command Officers

Guiguinto, Bulacan– July 28, 2026 – The Climate Change Task Force (CCTF) conducted a specialized rappelling and technical rope access training for its STEP Command Officers here, boosting emergency response readiness while advancing the Climate Action Now! advocacy.

The activity was headed by National Commander Richard Nixon Gomez. Facilitated by the Zion Emergency and Disaster Rescue Unit, under the leadership of Mr. Ryan Apduhan, the session covered proper harness fitting, knot-tying, controlled descent, equipment maintenance, and emergency rescue procedures—critical skills for responding to typhoons, floods, landslides, and other climate-driven disasters. Instructors demonstrated safe suspension and maneuvering techniques on purpose-built rigs, while all participants completed guided practice under direct supervision.

Participants donned shirts bearing the Climate Action Now! message, reinforcing that building operational resilience goes hand-in-hand with environmental stewardship. "We do not just train to respond; we train to protect communities increasingly vulnerable to the worsening impacts of the climate crisis," shared Apduhan. "Preparedness is both a life-saving measure and a key part of our collective climate action."

This training reflects the organization's broader dedication to building a capable, unified response force prepared to serve communities across the country in all types of emergency situations.



# Regular na inspeksyon sa mga proyekto ng DPWH, kailangan

Nanawagan si Parañaque 2nd District Rep. Brian Yamsuan na gawing regular ang inspeksyon at maintenance ng mga infrastructure project ng gobyerno upang matiyak na nananatiling ligtas at de-kalidad ang mga ito.

Sa House Bill 9780, iminungkahi ni Rep. Yamsuan na magsagawa ang Department of Public Works and Highways (DPWH) ng inspeksyon kada 5 hanggang 10 taon matapos makumpleto ang isang proyekto.

Ayon kay Yamsuan, mahalaga ang regular na physical inspection dahil maaaring maapektuhan ang tibay ng mga proyekto ng matinding panahon, sobrang karga at iba pang salik.

Layunin din ng panukala na matugunan ang problema sa mga lumang proyekto na hindi namementena dahil sa mga usapin sa pagmamay-ari ng lupa.

Inaatasan nito ang may-ari o legal na gumagamit ng lugar na payagan ang gobyerno na magsagawa ng inspeksyon, maintenance, pagkukumpuni o rehabilitation.

Ang sinumang hahadlang o hindi makatarungang tatanggi sa access para sa mga gawaing ito ay maaaring pagmultahin ng hanggang P50,000.

Sinabi ni Yamsuan na layunin ng panukala na maprotektahan ang bilyun-bilyong pisong pondo ng bayan at matiyak na mapapakinabangan nang matagal ang mga proyekto ng gobyerno.



# Atty. Torreon, hindi pa umano batid kung saan nagsimula ang impormasyong naaresto na si Sen. Dela Rosa

Hanggang sa kasalukuyan ay wala pang impormasyon ang legal counsel Sen. Ronald Dela Rosa na si Atty. Israelito Torreon ukol sa kung saan nagsimula ang impormasyong tuluyan nang naaresto ang kaniyang kliyenteng senador.

Ayon kay Torreon, hanggang ngayon ay nagugulat pa rin siya kung bakit biglang lumutang ang naturang balita at kung sino ang nagpasimula nito.

Paliwanag ng batikang abogado, noong nagsimulang kumalat ang naturang impormasyon, tatlong araw na ang nakakalipas, nakatanggap siya ng maraming katanungan kung totoong naaresto na nga ang kaniyang kliyente.

Gayunpaman, wala ding impormasyong inilalabas ukol dito ang PH authorities, hanggang sa tuluyan na ngang kumpirmahin ng iba't-ibang ahensiya tulad ng Department of Interior and Local Government at Department of Justice na hindi naaresto ang senador.

Ayon kay Atty. Torreon, huli niyang nakausap si Dela Rosa noong unang bahago ng Mayo kung kailan siya huling nakita sa Senado, kasunod ng muling paglutang matapos ang ilang buwan na pagtatago.

Sa ngayon, wala umanong komunikasyon si Atty. Torreon sa kaniyang kliyente.

Ngunit bago nagtago ang senador, nauna nang nag-execute si Sen. Dela Rosa ng tatlong power of attorney na nagbibigay ng sapat na otoridad kay Torreon para magsalita o gampanan ang ilang legal issues para sa interest ng senador.

Point VIEWER Publishing PVN

LEMUEL D. JUNIO
Publisher

DARYL JETT M. ALVAREZ
Editor-in-Chief

JOEL A. CANTOR
Assistant

DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

PAPI
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# DOST-NCR Opens 2026 Regional Science, Technology, and Innovation Week in Valenzuela City

Carrying the theme, "Siyensya, Teknolohiya, at Inobasyon: Kabalikat sa Matatag, Maginhawa, at Panatag na Kinabukasan," the three-day celebration showcases technologies, programs, and innovations aimed at addressing the needs of communities, local governments, businesses, academe, and other sectors. In his keynote message, DOST Secretary Renato U. Solidum, Jr. emphasized anticipatory governance, stressing that the impact of STI should ultimately be measured by the lives made safer, better, and more secure through science-based solutions.

Among the key initiatives highlighted during the opening was the signing of a Memorandum of Understanding between DOST-NCR and the Department of Human Settlements and Urban Development–National Capital Region (DHSUD-NCR) for the Smart and Sustainable Communities Program, which seeks to support local governments in adopting science- and technology-based approaches to sustainable urban development. The City Government of Valenzuela also formally adopted GeoRiskPH through a partnership with DOST-NCR and the Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS-DOST), strengthening the use of hazard and risk information in planning, decision-making, and disaster preparedness.

The celebration likewise highlighted efforts to expand access to advanced manufacturing technologies through the establishment of Advanced Manufacturing Center Satellite Laboratories with DOST-MIRDC and partner academic institutions. Meanwhile, DOST's support to local enterprises through the Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) was showcased through the experience of G-Start Builders Corporation, demonstrating how technology upgrading, technical assistance, and productivity interventions can improve business operations and competitiveness.

Also launched was the VSPARK Valenzuela Startup Development Program and iHub Valenzuela, providing students, young innovators, and aspiring startup founders with opportunities for mentorship, skills development, ideation, and product development. These initiatives reflect DOST-NCR's continuing efforts to make STI more accessible and responsive to the needs of Filipinos.

Through the 2026 RSTW in the NCR, DOST-NCR reinforces the spirit of #AghamNaRamdam—bringing science, technology, and innovation closer to the people and translating them into practical solutions for stronger communities, better public services, and a more resilient and secure future. **(Nelson Santos)**



**VALENZUELA CITY — The Department of Science and Technology–National Capital Region (DOST-NCR), in partnership with the City Government of Valenzuela, officially opened the 2026 Regional Science, Technology, and Innovation Week (RSTW) in the National Capital Region on August 6, 2026, highlighting the role of science, technology, and innovation (STI) in creating safer, more resilient, sustainable, and people-centered communities.**




# Two NorMin Startups Advance to National Stage of Presidential Filipinnovation Awards

In communities across the country, good ideas often stay just that — ideas. A life-saving system sits unused by the local government that needs it. A farmer keeps working the old, slower way, simply because no one showed them another path. POLLD Emergency System Corporation and Kasaka Agriventures, Inc. refused to let their innovations stop there. POLLD built the WERT System, an offline-resilient emergency command infrastructure designed to help local government units prepare for and respond to disasters. Kasaka developed an Automated Coconut Sap Juice Extractor, aimed at easing the labor-intensive work of coconut farmers and improving their livelihoods.

Both companies entered the Mindanao Sub-National Competition of the 2026 Presidential Filipinnovation Awards, and both were named among only four Mindanao finalists advancing to the national stage.

As DOST NorMin Regional Director Dr. Mark Lemuel L. Garcia said during the competition, "An innovation does not create impact simply because it is brilliant. It creates impact when it reaches the people who need it."

# SOCCSKSARGEN Region, Lets Show our Support for USEC Mabborang!

Today, we proudly stand behind Undersecretary for Regional Operations Engr. Sancho A. Mabborang, who has been recognized as a 2026 National Semifinalist for the Gawad Lingkod Bayan ng Pangulo - one of the country's highest honors for exemplary government service.

This recognition reflects years of dedicated leadership, meaningful impact, and an unwavering commitment to bringing science, technology, and innovation closer to every Filipino community.

Now, it's our turn to show our support Share your feedback through the official Public Feedback Form: bit.ly/2026GLBNSFsPublicFeedbackForm

Public feedback is open until August 12, 2026. Together, let's celebrate leadership that puts service before self, innovation into action, and people at the heart of every initiative. Because behind every breakthrough in science is a leader who believes it should make life better for every Filipino.

From your DOST SOCCSKSARGEN, thank you for standing with us and supporting one of our own.




**At DOST SOCCSKSARGEN, we take pride in celebrating leaders whose commitment to public service continues to inspire the entire DOST family.**

# Ambuklao at Binga dams, nagpakawala na ng tubig sa gitna ng tuluy-tuloy at mabibigat na pag-ulan

Binuksan na ang ilang gates ng dalawang dam sa Benguet ngayong Sabado, Agosto 8, para magpakawala ng tubig sa gitna ng tuluy-tuloy at mabibigat na pag-ulan.

Sa Ambuklao Dam, nasa apat na gates ang binuksan ng dalawang metro kaninang umaga para magpakawala ng 281.20 cubic meters per second (cms).

Sa Binga Dam, apat na gates ang binuksan sa dalawang metro at nagpakawala ng 317.53 cms na tubig.

Nauna nang nag-abiso ang state weather bureau na makararanas ng mga pag-ulan ang mga lugar sa Luzon at Visayas sa sunod na 24 oras dahil sa epekto ng pinaigting na hanging habagat.



# DA: P20/KL bigas, itutuloy hanggang matapos ang termino ni PBBM

Tiniyak ng Department of Agriculture (DA) na magpapatuloy ang programa ng pamahalaan sa pagbebenta ng P20 kada kilo na bigas hanggang matapos ang termino ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa 2028.

Ayon sa DA, committed ang ahensya na ipagpatuloy ang programa para sa mga kwalipikadong benepisyaryo.

Sa kanyang State of the Nation Address, sinabi ng Pangulo na mahigit 12 milyong Pilipino na ang nakinabang sa programang "Benteng Bigas, Meron Na," na nakalaan para sa mga vulnerable sectors.

Ang murang bigas ay galing sa stock ng National Food Authority (NFA), na bumibili ng palay mula mismo sa mga lokal na magsasaka. Sinusuportahan naman ng gobyerno ang programa sa pamamagitan ng Food Terminal Inc. (FTI).

Ayon sa DA, mayroon ngayong mahigit 500,000 metric tons na stock ng bigas ang NFA, na sapat umano para matugunan ang pangangailangan ng programa.

Mula sa kasalukuyang 807 Kadiwa sites sa buong bansa, target ng DA na madagdagan ito sa pagitan ng 1,500 hanggang 2,000 sites sa mga susunod na buwan.

Samantala, sinabi rin ng DA na unti-unti nang bumababa ang presyo ng bigas sa merkado.

Ang premium rice ay nasa naglalaro na ang presyo sa P47 hanggang P48 kada kilo, habang ang regular milled rice naman ay nasa P35 hanggang P45 kada kilo.

Ayon sa DA, sapat ang kasalukuyang suplay ng bigas mapa-lokal at imported man ito, para matugunan ang pangangailangan ng bawat Pilipino hanggang sa susunod na anihan.

Hindi rin umano plano ng pamahalaan na ipagbawal ang rice imports, lalo na't naghahanda ang bansa sa posibleng epekto ng El Niño sa suplay ng pagkain sa mga susunod na buwan.

# From Prompts to Purpose:DOST Ilocos Region Empowers Communicators through Responsible and Gender-Responsive AI Training

Organized by the Regional Science and Technology Promotion Program Center (RSTPPC), led by Mr. Lemuel G. Castigo, Science Research Specialist I, in partnership with the Gender and Development (GAD) Unit, guided by GFPS Secretariat Ms. Mary Ann B. Ofiana, Project Technical Assistant I. The event brought together members of the DOST Ilocos Region Media Core, and the GAD Focal Point System (GFPS) from both regional and provincial offices. The activity aimed to equip participants with the knowledge, practical skills, and ethical understanding needed to effectively use Artificial Intelligence (AI) through strategic prompt engineering while promoting responsible, inclusive, and gender-responsive workplace communication.

In her opening message, Regional Director Dr. Teresita A. Tabaog emphasized the important role of DOST communicators in making science, technology, and innovation (STI) more understandable, relevant, and accessible to every Filipino. The first day focused on gender-responsive communication. Ms. Nataliza L. Llapitan of the National Gender Resource Pool (NGRP) and Mariano Marcos State University (MMSU) guided participants in recognizing gender bias, using gender-fair language, and producing inclusive communication materials. She underscored that regardless of technological advancements, communicators must remain responsible for ensuring that every message reflects equality, respect, and inclusivity.

On the second day, Engr. Aunhel John M. Adoptante of the DOST – Advanced Science and Technology Institute (DOST-ASTI) introduced participants to Generative AI, prompt engineering, and responsible AI use. He demonstrated how well-crafted prompts can help generate high-quality drafts for press releases, feature stories, captions, and other communication materials while emphasizing that human judgment remains essential in verifying facts, protecting data privacy, minimizing AI bias, and maintaining institutional credibility.

Participants then applied their learnings through a hands-on workshop where they enhanced existing DOST Ilocos Region IEC and promotional materials using AI tools and gender-responsive communication principles. The workshop showcased how AI can improve efficiency in content development while ensuring that messages remain accurate, inclusive, audience-centered, and aligned with the agency's values.

To conclude the two-day activity, Assistant Regional Director (ARD) for Technical Operations Services Ms. Racquel M. Espiritu and ARD for Field Operations Services Mr. Decth-1180 P. Libunao led the awarding of certificates to the resource speakers and participants. In her closing message, ARD Espiritu commended the workforce for taking proactive steps toward digital transformation and reminded everyone that ethical integrity and gender sensitivity must always remain at the core of science communication.

By integrating AI literacy with ethical and gender-responsive communication, DOST Ilocos Region continues to strengthen the capabilities of its communicators in delivering timely, credible, and inclusive science stories. The initiative reinforces that AI is not a replacement for human communicators but a powerful tool that, when used responsibly, enables more effective science communication and supports the agency's continuing digital transformation and people-centered public service.





## Pagiging chismosa, bawal na sa isang barangay sa South Cotabato

Ipinasa ng Barangay Landan sa Polomolok, South Cotabato ang Anti-Gossip Ordinance o ang pagbabawal sa pagiging chismosa upang mabawasan ang mga alitan at hindi pagkakaunawaan nang magkakapitbahay.

Matapos umanong dumami ang mga away na nagsimula sa pagpapakalat ng maling impormasyon, mapanirang tsismis at mga kuwentong walang sapat na basehan.

Ayon kay Barangay Kagawad Joey Salazar Minggito, na siyang may-akda ng Barangay Ordinance No. 8, Series of 2026, maraming reklamo sa barangay ang nag-uugat sa maling mga kuwento tungkol sa ibang residente.

Sinabi ni Minggito na nauubos ang oras ng mga opisyal sa pag-aayos ng mga away na maaari sanang naiwasan kung naging maingat lamang ang mga residente sa pagpapakalat ng impormasyon.

Suportado naman ng ilang residente ang ordinansa dahil maaari umanong masira ng tsismis ang pagkakaibigan, relasyon sa pamilya at samahan ng magkakapitbahay.

Nilinaw ni Minggito na hindi nito ipinagbabawal ang malayang pagpapahayag.

Target lamang umano ng ordinansa ay ang mapanirang tsismis na mapatutunayang may sapat na ebidensiya matapos ang imbestigasyon.

Inaprubahan ng Sangguniang Bayan ng Polomolok ang ordinansa noong Hulyo 10, 2026.

Sa ilalim ng ordinansa, pagmumultahin ng P1,000 ang unang lalabag at P1,500 naman sa ikalawang paglabag.

Maaari ring atasan ang mapatutunayang lumabag na humingi ng public apology sa social media, bukod sa multa.

Umaasa ang mga opisyal ng Barangay Landan na makatutulong ang ordinansa para mabawasan ang away, mapanatili ang magandang relasyon ng magkakapitbahay at mahikayat ang mga residente na ayusin ang kanilang mga problema sa maayos na paraan.

## 5 kabaong, intensyonal na inabandona ng mga salaring nakasuot ng masks, sakay ng mga van- NCRPO

Lumabas sa paunang imbestigasyon ng National Capital Region Police Office (NCRPO) na intensiyonal na inabandona ng mga salaring nakasuot ng masks o takip sa mukha ang limang kabaong na nadiskubre sa iba't ibang lugar sa Metro Manila nitong madaling araw ng Biyernes, Agosto 7.

Sa isang pahayag, kinumpirma rin ng NCRPO ang pagkakadiskubre ng mga ito sa Sta. Cruz Manila, Barangay 54 sa Caloocan City, Brgy. South Triangle sa Quezon City, Brgy. Sta Tereista sa Quezon City at sa Gil Puyat sa Makati City.

Ayon sa NCRPO, dalawang van na kulay puti at gray ang sinakyan ng mga salarin nang isagawa nila ang pag-abandona sa mga kabaong, na may mga nakalagay na mensaheng laban sa China at Communist Party of the Philippines – New People's Army (CPP-NPA).

Kaugany nito, ipinag-utos na ni PNP chief Gen. Jose Melencio Naratez Jr. ang komprehensibong imbestigasyon sa pagiwan ng mga naturang kabaong.

Sa ngayon, nagsasagawa na ang mga imbestigador ng NCRPO ng backtracking at forward tracking sa mga CCTV footages sa mga posibleng dinaanan ng mga salarin.

Samantala, tiniyak naman ng pulisya na mapapanagot ang mga nasa likod ng anila'y "duwag na gawain" sa pamamagitan ng pagtugis sa mga resposable dito at sasampahan ng kasong kriminal sa oras na makumpleto na ang imbestigasyon.




## NGCP, nanawagan ng dagdag na baseload power plants sa tumataas na demand ng kuryente sa Visayas

Nanawagan ang National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) ng mas malaking pamumuhunan sa mga baseload power plants mula sa mga lokal na pamahalaan upang matugunan ang patuloy na tumataas na demand sa kuryente sa Visayas.

Ayon sa NGCP, naitala noong Mayo 14 ang pinakamataas na konsumo ng kuryente sa Visayas na umabot sa halos 2,780 megawatts. Dahil dito, kinakailangan pang kumuha ng dagdag na suplay ng kuryente mula sa Luzon at Mindanao upang matugunan ang pangangailangan ng mga consumer.

Sinabi rin ng NGCP na karamihan sa mga Yellow Alert at Red Alert sa Visayas ay dulot ng biglaang pagtigil ng operasyon ng ilang power plants. Kapag nagdeklara ng Yellow Alert, nangangahulugan itong manipis na ang reserbang suplay ng kuryente.

Samantala, ang Red Alert ay nangangahulugang kulang na ang produksyon ng kuryente na maaaring magresulta sa rotational brownout.

Ipinaliwanag din ng NGCP na bagama't patuloy ang paggamit ng renewable energy tulad ng solar power, hindi parin ito sapat upang matiyak ang tuloy-tuloy na suplay ng kuryente, lalo na kapag may namumuong sama ng panahon.

Dahil dito, nanawagan ang NGCP sa pamahalaan at mga lokal na opisyal na suportahan ang pagtatayo ng mas maraming baseload power plants o mga planta na kayang magbigay ng tuloy-tuloy na suplay ng kuryente anumang oras at anumang lagay ng panahon.

## Mga nagpakalat ng maling impormasyon na naaresto na si Sen. Bato, iniimbestigahan na ng PCO



Tinutunton at iniimbestigahan na ng Presidential Communications Office (PCO) ang mga online account na nagpakalat ng maling impormasyon na naaresto na si Senador Ronald "bato" dela Rosa at nakatakdang dalhin sa International Criminal Court sa The Hague, Netherlands. Sanggunian

Ayon kay Communications Usec. Claire Castro, ipinag-utos na ni PCO Sec. Dave Gomez sa anti-fake news desk na tingnan ang lahat ng nagpapakalat ng maling impormasyon kasama na ang umano'y pagkaaresto ng senador.

Sinabi rin ng Palasyo na kabilang ang mga fake news sa mga pinatututukan ng gobyerno.

Nauna na ring itinanggi ng Palasyo ang mga haka-hakang naaresto na si dela Rosa, at sinabing ginagamit lamang ito para ilihis ang atensiyon mula sa impeachment trial ni Vice President Sara Duterte.

Inihayag naman ng Palasyo na nagpapatuloy ang pagtunton sa kinaroroonan ng mambabatas at pag-aresto sa kaniya subalit ipinaubaya na sa mga kinauukulang ahensiya ang pagkomento kung bakit nahihirapan ang mga awtoridad na maisilbi ang arrest warrant sa senador.

## Bagong DOH OIC, pinapaimbestigahan ng health advocates

Pinapaimbestigahan ng grupo ng health advocates sa Office of the Ombudsman si Acting Health Secretary Jose Pujalte Jr. dahil sa umano'y pagpigil sa procurement ng tuberculosis (TB) medicines at medical supplies para sa 2026.

Hiniling din ng mga ito na isailalim ang bagong talagang kalihim sa preventive suspension.

Kasabay nito ay nais din ng grupo na sampahan si Pujalte Jr. ng kasong graft at alisin sa puwesto dahil sa umano'y grave misconduct, grave abuse of authority, at conduct prejudicial to the best interest of the service.

Katwiran ng grupo, nananatiling naka-freeze ang procurement kahit may inilaan ang Kongreso na ₱3.2 bilyon para sa anti-TB drug program.

Tinukoy ng mga ito ang umano'y impormasyon na kanilang nalikom na umano'y nagpapakitang sinasadya umanong maantala ang bidding process upang paboran ang isang hindi pinangalanang supplier.

Ang reklamo ay nakapaloob sa 18-page complaint na inihain ng anonymous health advocates sa Office of the Ombudsman.

Magugunitang pinalitan ni Pujalte si dating Health Sec. Teodoro Herbosa, halos isang buwan na ang nakakalipas kasunod ng pagbibitiw ng huli sa naturang puwesto.

## DA, sinuspinde ang pag-aangkat ng ilang livestock at animal products sa 7 bansa

Pansamantalang sinuspinde ng Department of Agriculture (DA) ang pag-aangkat sa Pilipinas ng mga live animal at ilang animal products mula sa pitong bansa sa Middle East at Europe dahil sa mga naitalang outbreak ng foot-and-mouth disease (FMD).

Sa ilalim ng Department Circular No. 39, ipinagbawal muna ang pagpasok sa bansa ng mga buhay na baboy, baka, kalabaw at iba pang hayop na madaling mahawa sa FMD, gayundin ang sariwang karne, casings, tallow, hooves, horns at animal semen mula sa Azerbaijan, Bahrain, Cyprus, Iraq, Israel, Kuwait, at Palestine.

Ayon kay Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel Jr., mahalaga ito upang maprotektahan ang livestock sector, kabuhayan ng mga magsasaka, at seguridad sa pagkain ng bansa.

Sinabi ng DA na ipinatupad ang suspension matapos kumpirmahin ng Food and Agriculture Organization ng United Nations ang mga outbreak ng FMD virus serotype SAT1 sa mga apektadong lugar.

Iginiit ng kalihim na science-based at precautionary ang hakbang ng pamahalaan, habang patuloy na pinapayagan ang ligtas na kalakalan ng mga produktong mayroong veterinary at import requirements.

Kabilang sa mga produktong maaari pa ring ipasok sa bansa ang mga itinuring na "safe commodities" ng World Organisation for Animal Health, gaya ng UHT milk at dairy products, heat-treated canned meat, protein meal, gelatin, at ilang processed hides at leather products.

## Villar Group, magdo-donate ng lupa para umusad ang LRT-1 Cavite Extension

Magdo-donate ang Villar Group of Companies ng anim na lote na kailangan para sa right-of-way ng Light Rail Transit Line 1 (LRT-1) Cavite Extension matapos makipagkasundo sa Department of Transportation (DOTr).

Ayon sa DOTr nagkasundo ang dalawang panig sa tatlong kondisyon para sa donasyon ng lupa: ang pagbibigay ng unconditional permit to enter, waiver of subrogation laban sa pamahalaan, at pagkansela ng mortgage sa mga lupang ido-donate.

Nabuo ang kasunduan sa pulong kasama sina Transportation Secretary Banoy Lopez at mga kinatawan ng Villar Group nitong Biyernes, Agosto 7.

Noong nakaraang buwan, inatasan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang DOTr na resolbahin ang mga isyu sa right-of-way na nakaantala sa pagpapalawig ng LRT-1 hanggang Cavite.

Target naman ng Light Rail Transit Authority (LRTA) na makumpleto ang buong LRT-1 Cavite Extension bago matapos ang termino ng administrasyong Marcos sa 2028.

Sa kasalukuyan, ginagamit na ng publiko ang Phase 1 ng proyekto na nag-uugnay sa Baclaran Station at Dr. Santos Station sa pamamagitan ng limang bagong estasyon.

Samantala, nakatakda namang itayo ang mga estasyon sa Las Piñas, Zapote, at Niog.

Ayon sa Villar Group, inaasahang malalagdaan ngayong buwan ang Memorandum of Agreement, Right-of-Way Acquisition Agreement, at Deed of Donation upang makapagsimula ang konstruksyon sa susunod na taon.

Ang LRT-1 Cavite Extension ay nagkakahalaga ng P64.9-billion na proyekto na pinopondohan ng pambansang pamahalaan, Japan International Cooperation Agency (JICA), at Light Rail Manila Corporation (LRMC).

Kapag natapos, madaragdagan ng 11.7 kilometro ang kasalukuyang linya ng LRT-1, mula 20.7 kilometro hanggang 32.4 kilometro, upang mapahusay ang serbisyo sa mga pasahero sa Metro Manila at Cavite.

## State auditor Del Campo, tutugon sa mga puwang sa testimonya ni Wamil

Inaasahang magpapatuloy si state auditor Xylene Del Campo sa audit trail ng Office of the Vice President (OVP) at Department of Education (DepEd) kaugnay ng paggamit ng P612.5 milyong confidential funds.

Ayon kay House prosecution spokesperson Atty. Benjamin "Jay" Tolosa Jr., sasagutin ni Del Campo ang mga tanong hinggil sa mga sumunod na hakbang sa audit, kabilang ang notice of disallowance.

Nauna nang tumestigo si dating state auditor Roderick Wamil tungkol sa mga audit stage at dokumentong personal niyang hinawakan. Gayunman, nilimitahan niya ang kanyang testimonya sa mga pangyayaring naganap bago siya umalis sa Commission on Audit (COA).

Ayon kay Tolosa, hindi pag-uulit ng testimonya ni Wamil ang pagharap ni Del Campo dahil siya ang humalili sa mga sumunod na bahagi ng audit.

Inaasahang magbibigay si Del Campo ng sariling testimonya tungkol sa mga naging hakbang at rekord ng COA sa pagpapatuloy ng audit sa confidential funds.



## LegisHear naglalapit sa mga komunidad sa paggawa ng batas – Rep. Aquino

Layunin ng LegisHear na mabigyan ng direktang boses ang mga komunidad sa paggawa ng batas, ayon kay Butuan City Rep. Jose "Joboy" Aquino II.

Mahigit 2,000 katao ang dumalo sa ikalawang leg ng nationwide consultation program ng House of Representatives noong Biyernes sa Butuan City.

Ayon kay Aquino, inilalapit ng LegisHear ang Kongreso sa mga mamamayan upang marinig ang kanilang karanasan at mga problema bago maisabatas ang mga panukala.

Sinabi rin niya na hindi lamang konsultasyon sa paggawa ng batas ang layunin ng programa. Kasama rin dito ang pagdadala ng serbisyo ng mga national government agency nang mas malapit sa mga komunidad.

Hinimok ni Aquino ang mga Butuanon na samantalahin ang mga serbisyong iniaalok ng mga ahensya at magbigay ng feedback upang mas mapabuti ang mga ito.

Ang Butuan City ang napiling ikalawang venue ng LegisHear matapos itong ilunsad sa Isabela. Ayon kay Aquino, ipinapakita nito ang pagsisikap ng Kamara na marinig ang mga boses ng mga komunidad, lalo na sa Mindanao.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
BRANCH 297, PASAY CITY
3rd Floor, No. 105 JGG Building
Pasadeña St., Pasay City Tel. No. 8252-7651
Email Address: rtc1psy297@judiciary.gov.ph

MARIA RAISSA ALLEGRA
Z. SEGOVIA
Petitioner.

LRC Case No. R-PSY-26-01595-LR
For: Petition for Issuance of New Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095

-versus-

REGISTRY OF DEEDS FOR
PASAY CITY,
Respondents.

x-----------------------------------------x

**ORDER**

Before this Court is a verified Petition filed by petitioner, through counsel on 02 July 2026, praying that after due notice and hearing, the herein Petition be GRANTED; that the Original Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095 be DECLARED as lost and without force and effect, and the Registry of Deeds of Pasay City be ORDERED AND DIRECTED to issue in lieu thereof a new Original Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095.

Finding the Petition to be sufficient in form and substance, the Court hereby set the same for hearing on **17 September 2026 at 8:30 in the morning** at the 3rd Floor, No. 105 JGG Building, Pasadeña St., Pasay City.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks, to be selected by raffle pursuant to Presidential Decree No. 1079, and posted by the Branch Sheriff in three (3) conspicuous places in Pasay City.

The Sheriff / Process Server of this Court is directed to furnish the Registry of Deeds for Pasay City with a copy of this Order and the Petition with annexes.

SO ORDERED.
10 July 2026, Pasay City.

**(SIGNED)**
**RONALD AUGUST L. TAN**
Presiding Judge

Copy furnished:

Atty. Dionisio L. Cuevas II
Counsel for the Petitioner
No. 1036 Ongpin St., Sta. Cruz 1003 Manila
denniscuevas21@yahoo.com

Maria Raissa Allegra Z. Segovia
Petitioner
109 Rada St., Legaspi Village, Makati City

Register of Deeds for Pasay City
Respondent
Pasay City Hall Building, F.B. Harrison St., 1300 Pasay City
rd.pasaycity@lra.gov.ph / rdpasay003@gmail.com

Land Registration Authority
East Avenue cor. NIA Road, Diliman, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 10, 17 & 24, 2026**




Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
National Capital Judicial Region
**Branch 92, Quezon City**
Room 404, 4th Floor, Hall of Justice, Annex Building
Quezon City Hall Compound, Diliman, Quezon City
rtc1qzn092@judiciary.gov.ph/0939-626-0353/8548-0314

**IN RE: INTESTATE ESTATE OF ADELAIDA L. VELASCO,**

**PETITION FOR LETTERS OF ADMINISTRATION,**

**SPEC. PROC. CASE NO. R-QZN-26-04964-SP**

**JEFFREY L. VELASCO and JOHN ERICK L. VELASCO,**
Petitioners,

x----------------------------------------------------------------------------------------------------x

**ORDER**

A verified Petition was filed by petitioners through counsel, praying that after due notice and hearing, judgment be rendered:

a. That after due notice and hearing, letters of administration be issued to **LEILANI LACHICA-MENDIOLA** for the administration of the estate of the deceased ADELAIDA L. VELASCO, upon the giving of a bond in such reasonable sum as this Honorable Court may fix;

b. That after all the properties of the deceased ADELAIDA L. VELASCO have been inventoried and expenses and just debts have been paid and the legal heirs of the Decendent fully determined, that the said estate ADELAIDA L. VELASCO be settled and distributed among her heirs, all in accordance with law.

**WHEREFORE, NOTICE** is hereby given that this Petition will be heard on **05 November 2026 at 8:30 in the morning** before this court at Room 404, 4th Floor, Hall of Justice, Annex Building, Quezon City Hall Compound, Diliman, Quezon City. Anyone who has any objection to the instant petition may file, on or before the above scheduled hearing, an opposition with statement of the grounds relied upon for the opposition.

Let this Order be published at the expense of the petitioners **once a week for three (3) consecutive weeks** in a newspaper of general circulation in Metro Manila.

Let a copy of this Order be mailed to the **Office of the Solicitor General,** the **Office of the City Prosecutor,** the **Commissioner, Bureau of Internal Revenue, Office of the City Assessor, Registry of Deeds of Quezon City, Macario G. Velasco** and **Jake Michael L. Velasco.** All the foregoing have fifteen (15) days from their respective receipt of this Order or from the last day of the publication of this Order within which to file their respective opposition.

The petitioner is hereby **DIRECTED** to furnish a copy of the petition and its annexes to the **Office of the Solicitor General,** the **Office of the City Prosecutor,** the **Commissioner, Bureau of Internal Revenue, Office of the City Assessor, Registry of Deeds of Quezon City, Macario G. Velasco** and **Jake Michael L. Velasco,** within five (5) days from receipt of this Order.

Petitioner is **WARNED** that failure to observe the periods and to comply with the requirements contained in this Order will cause the dismissal of this case without prejudice to the refiling of the same.

**SO ORDERED.**

**Quezon City, Metro Manila, June 15, 2026.**

**(SIGNED)**
**HON. LEO FELIX S. DOMINGO**
Presiding Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 17, 24 & 31, 2026**

# Grupo ng retired at active generals, nanawagan sa public officials na 'di kayang suportahan ang posisyon ng bansa sa WPS

Nanawagan ang grupo ng mga retirado at aktibong heneral na maghanap ng judicial remedies o magbitiw sa pwesto ang mga opisyal ng pamahalan kung hindi nila kayang suportahan ang opisyal na posisyon ng bansa sa West Philippine Sea (WPS).

Pinamumunuan ni retired Police Major General German Doria ang naturang grupo.

Sa isang opisyal na manipesto ng grupo na inilabas ngayong Huwebes, Agosto 6, sinabi ng Association of General and Flag Officers (AGFO) na ang pagsunod sa mga legal na obligasyon ng Pilipinas sa WPS ay usapin ng pagtalima sa batas at hindi ng pampulitikang panig.

Ayon sa grupo, ang mga opisyal na hindi kayang sumuporta sa mga itinatag na pambansang batas o sa mga makasaysayang legal submissions, gaya ng kamakailang paghahain ng Extended Continental Shelf, ay may tungkuling humanap ng mga judicial remedy o mag-"step-aside" upang mapanatili ang tiwala ng publiko.

Binigyang-diin ng AGFO na ang katapatan sa Konstitusyon, pagtalima sa Rule of Law, at pagtatanggol sa pambansang soberanya ay mga tungkuling "non-negotiable" o hindi maaaring iatras ng sinumang lingkod-bayan.

Tahasang sinuportahan din ng mga heneral ang posisyon ng Department of National Defense (DND) at ni Defense Secretary Gilberto Teodoro Jr. Una na ngang inihayag ni Teodoro na ang mga opisyal na kumakampi sa naratibo ng China ay dapat magbitiw dahil labag ito sa kanilang sinumpaang tungkulin sa batas.

Kaugnay nito, nanawagan ang grupo ng pagkakaroon ng iisang pambansang paninindigan upang suportahan ang mga aktibong sundalo na nagbabantay sa karagatan at ang mga mangingisdang Pilipino sa ating Exclusive Economic Zone (EEZ).

Nakiusap din ang AGFO sa media at public commentators na ilatag ang mga official policy statement sa tamang legal na konteksto upang maiwasan ang maling interpretasyon at hindi pagkakaunawaan ng publiko.

# Senior citizen, nasagip matapos tangayin ng malakas na agos ng tubig sa spillway sa Rizal

Isang 64-anyos na lalaking senior citizen ang muntik nang malunod matapos tangayin ng malakas na agos ng tubig habang tumatawid sa isang spillway sa Rodriguez, Rizal. Batay sa kuha ng CCTV, makikitang ligtas na nakatawid ang isa pang lalaki. Ngunit ang senior citizen ay nahirapang makatawid, nawalan ng balanse, at tuluyang inanod ng rumaragasang tubig.

Agad namang rumesponde ang mga opisyal ng Barangay San Rafael at ang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office o MDRRMO. Gumamit sila ng mga lubid at life vest upang ligtas na masagip ang biktima. Ayon sa Barangay San Rafael, nawalan ng malay ang senior citizen matapos ang insidente, ngunit nabigyan siya ng paunang lunas bago isinugod sa ospital. Dahil sa patuloy na pag-ulan na dulot ng Tropical Depression Maymay at ng habagat, muling pinaalalahanan ng mga opisyal ang publiko na huwag tumawid sa mga spillway at iba pang mapanganib na lugar upang maiwasan ang kapahamakan.

# Speaker Dy, hinikayat ang publiko na makilahok sa pagbuo ng mga batas sa LegisHear sa Mindanao



Hinikayat ni House Speaker Faustino "Bojie" Dy III ang mga Pilipino na aktibong makiisa sa pagbuo ng mga batas sa pamamagitan ng LegisHear, isang konsultasyong inilunsad ng Kamara de Representantes.

Sa ginanap na programa sa Butuan City, sinabi ni Dy na mahalaga ang boses ng mamamayan upang makalikha ng mga batas na tunay na tumutugon sa pangangailangan ng bansa. Tinalakay sa konsultasyon ang panukalang batas para sa Basic Education Voucher Assistance Act at ang pag-upgrade ng Butuan Medical Center bilang Butuan General Hospital. Layunin din ng LegisHear na ipaliwanag ang proseso ng paggawa ng batas at mangalap ng opinyon ng publiko tungkol sa mga serbisyong panggobyerno. Ayon kay Dy, bahagi ito ng layunin ng "Bagong Kongreso" na gawing mas bukas at mas makatao ang paggawa ng batas.



## Ariana Grande ipinaliwanag ang pagpapahinga sa pagkanta

Ipinaliwanag ng singer na si Ariana Grande ang dahilan ng kaniyang pagpapahinga.

Sinabi nito na tahimik at matagal na niyang naiplano ang nasabing pagpapahinga.

Sa kaniyang pagtatanghal sa Chicago sinabi nito na hindi dapat bigyan ng negatibong pananaw ng kaniyang fans ang pagliban nito.

Mahalaga aniya na maglagay ng boundaries at bilang isang tao ay kailangan din ang magpahinga minsan.

Giit nito na kahit anumang ingay ang nararanasan noon ay wala pa ring makakapigil sa realidad.

Kaya nais niyang makausap ang mga fans ay para direkta itong marinig sa kaniya at hindi yung mga manggagaling pa sa ibang mga tao.

Una ng sinabi ng kaniyang representatives na nakaplano na ang kaniyang pagpapahinga.

Tatapusin lamang niya ang ilang show niya London sa buwan ng Setyembre bago ang tuluyang pagpapahinga.

# Spain, maghihigpit ng border controls sa Italy dahil sa migration row

Nag-ugat ito matapos pansamantalang suspendihin ng Italy ang Schengen Agreement, na nagbibigay-daan sa malayang pagbiyahe sa pagitan ng maraming European countries.

Dahil dito hiniling ng Spain sa Italy na alisin ang mga border checks nito pagsapit ng Linggo. Ngunit tumanggi ang Rome at sinabing hindi nito tatanggapin ang anumang "ultimatums" ng España. Nabatid na tatagal nang isang buwan ang sanction, maliban na lamang kung magbabago ang sitwasyon.

Ang ultimatum ay napag-alaman na asailalim sa passport, nationality at visa checks ang mga biyaherong Italyano at iba pang dayuhang manggagaling sa Italy.

Nauna nang nagpatupad ang Italy ng katulad na restrictions matapos dumagsa ang tinatayang 78,000 illegal migrants mula Morocco patungo sa Spanish exclave na Ceuta.

Gayunpaman, nilinaw ng Italya na hindi saklaw ng karagdagang checks ang mga Spanish citizen na pumapasok sa bansa.

Sinabi ng Italy na mananatili ang border checks nito hanggang Agosto 15 dahil sa inaasahang panibagong dagsa ng illegal migrants sa Ceuta.

Ipinaliwanag ng Italy na kailangan nilang gawin ito upang mapigilan ang mga illegal migrants na makapasok sa bansa.

Pinabulaanan naman ito ng Madrid at sinabing walang sapat na batayan ang posisyon ng Rome dahil ang mga migranteng pumapasok sa Ceuta ay wala namang paraan upang direktang makapasok sa Schengen area.



Magpapatupad ang Spain ng border controls sa lahat ng air at sea travel mula Italy habang tumitindi ang hindi pagkakaunawaan ng dalawang bansa tungkol sa migration row.

# Alden Richards, Barbie Forteza, kinilala ng BIR bilang top taxpayers ng bansa

Kinilala ng Bureau of Internal Revenue (BIR) ang aktor na si Alden Richards at aktres na si Barbie Forteza bilang isa sa mga nangungunang taxpayers sa bansa.

Pinarangalan ng BIR sina Alden at Barbie hindi lamang dahil sa kanilang malaking ambag sa pagbabayad ng buwis, kundi pati na rin sa paggamit ng kanilang impluwensya upang hikayatin ang publiko na maging tapat sa pagbabayad ng tamang buwis.





Ayon kay Alden, mahalaga ang pagbabayad ng buwis, ngunit higit pa rito ang pagtutulungan ng bawat Pilipino para sa pag-unlad ng bansa at pag-angat ng pamumuhay ng mga nangangailangan.

Samantala, sinabi ni Barbie na ang pagbabayad ng buwis ay isang pribilehiyo at responsibilidad, dahil ito ang pinagmumulan ng pondo para sa mahahalagang serbisyo ng pamahalaan tulad ng kalusugan, edukasyon, at iba pang programang pangkabuhayan.

Kasabay ng pagkilalang natanggap, ipinagdiwang din ni Barbie ang kanyang kaarawan. Ani ng aktres, mas gusto niya ang simpleng selebrasyon kasama ang kanyang pamilya, at isang masarap na seafood dinner lamang ang kanyang birthday wish.

## Drone na may bomba sa Germany, natuklasan na may kargang military ammunition

Natuklasan ng mga awtoridad na may kargang military ammunition ang Ukrainian cargo aircraft na unang iniulat na may nakakabit na military-grade explosives sa Leipzig/Halle Airport. Batay umano ito sa isang confidential police report.

Sinabi rin sa mga ulat na nakumpirma ng mga forensic expert na ang pampasabog na nakakabit sa drone ay high military grade. Ayon naman sa mga hindi pinangalanang imbestigador, na kaya raw hindi sumabog ang drone dahil nagkaroon ng technical defect sa explosive device nito.

Dahil dito, mas pinaigting ang isinasagawang counterterrorism investigation sa Leipzig/Halle Airport, na nagsisilbing pangunahing cargo hub at NATO military logistics center sa Germany at itinuturing na bahagi ng country's critical infrastructure.

Ayon kay German Interior Minister Alexander Dobrindt, ang insidente ay maituturing na isang "hybrid attack" na nagpapakita ng tumataas na banta sa seguridad ng bansa.

Nakatakda rin siyang makipagpulong sa mga opisyal mula sa Baltic states, Poland, Sweden, Norway, Denmark, at iba pang bansa sa katapusan ng Agosto upang talakayin ang pagpapalakas ng kanilang militar.

Patuloy namang inaalam ng mga awtoridad ang iba pang detalye ng insidente. Hinahanap pa rin nila ang mga debris ng isang hindi pa natutukoy na bagay na tumama rin sa isa pang cargo aircraft. Nauna nang iniulat na ang drone ay natagpuan malapit sa ilang Ukrainian Antonov An-124 cargo aircraft, na kabilang sa pinakamalalaking cargo planes sa mundo.

Nakita rin ng isang mamamahayag ng Reuters ang mga pulis na nangangalap ng ebidensya malapit sa isa sa mga eroplano.Kasaysayan

Samantala, ang cargo aircraft na tinamaan ng hindi pa nakikilalang bagay ay nagsasagawa ng go-around maneuver dahil sarado ang isa sa mga runway ng paliparan. Bahagya itong nasira ngunit ligtas na nakalapag sa Hanover sa Germany. Dahil sa insidente, pansamantalang sinuspinde ang operasyon sa Leipzig/Halle Airport at inilihis ang ilang flight, kabilang ang mga eroplano ng DHL. Gayunman, sinabi ng pamunuan ng paliparan na normal na muli ang operasyon. Sa ngayon, hindi pa tutukoy ang suspek.

# Houthis, inatake ang Saudi Aramco refinery

Kinumpirma ng Iran-aligned Houthi group sa Yemen na kanilang inatake ang Jazan refinery ng Saudi Aramco nitong Linggo, ilang araw matapos lumagda ang Saudi Arabia sa isang defense pact kasama ang Turkey at Pakistan.

Ayon sa Houthi military spokesperson na si Yahya Saree, gumamit sila ng drone para targetin ang refinery sa Jazan, southwestern Saudi Arabia.

Ayon naman sa Saudi Energy Ministry na nagkaroon ng sunog sa refinery ngunit agad itong naapula. Wala namang naiulat na nasugatan.

Ang Jazan refinery ay may kapasidad na magproseso ng hanggang 400,000 barrels ng crude oil kada araw at dati na ring naging target ng mga pag-atake ng mga nasabing rebeldeng grupo.

Bukod sa Saudi Arabia, sinabi rin ng Houthis na nagsagawa rin sila ng missile at drone attacks laban sa Mocha, isang Yemeni Red Sea port city.

Ayon sa report ng Reuters, pinapaputukan ng air defenses ang mga drone na target umano ang commercial quay at storage facilities ng port.

Sinabi ni Saree na target nila ang mga sundalong Saudi at weapons arsenal sa lugar.

Ayon naman sa Yemeni military spokesperson, pitong katao ang namatay sa pag-atake.

Sinabi ng Yemeni Transportation Ministry na malubha rin ang pinsala sa imprastraktura ng port.

Nauna nang nagdeklara ang Houthis ng naval blockade laban sa Saudi Arabia sa Red Sea, na iniuugnay nila sa sinasabing blockade ng Riyadh laban sa kanila na itinanggi naman ng Saudi government.Dalawang araw bago ang insidente, lumagda ang Saudi Arabia sa isang defense agreement kasama ang Turkey at Pakistan bilang tugon sa tumitinding regional instability dahil sa digmaan sa pagitan ng US, Israel at Iran.

Nakasaad sa kasunduan na ang armadong pag-atake laban sa alinman sa tatlong bansa ay ituturing na pag-atake laban sa lahat.

Hindi pa malinaw kung makikibahagi o paano tutugon ang Turkey at Pakistan sakaling magsagawa ang Saudi Arabia ng hakbang laban sa mga bagong pag-atake ng Houthis.

Sinabi naman ni Turkish Foreign Minister Hakan Fidan na hindi nakatuon ang defense pact laban sa Iran o anumang partikular na bansa. Aniya, isa itong pangkalahatang suportahan sa seguridad ng tatlong magkakaalyadong bansa.

## Katrina Llegado, kinoronahan bilang Miss Supranational 2026



Muling nagdiwang ang Pilipinas sa international pageantry matapos koronahan si Ma. Katrina "Kat" Llegado bilang Miss Supranational 2026 sa Nowy Sącz, Poland nitong Sabado, August 1 (araw sa Pilipinas). Tinalo ni Katrina ang 66 iba pang kandidata mula sa iba't ibang bansa upang masungkit ang ikalawang korona ng Pilipinas sa Miss Supranational.Mga Beauty Pageant Sa final question-and-answer round, dito tinodo ni Kat ang kanyang paniniwala na hindi kailangang umayon ang isang babae sa sinasabi ng iba. "I always believe that we should never fit into a mold. We are perfectly imperfect," she said. "I am someone who struggles with perfection. I am here today doing my best and becoming my best version," ani Katrina. Nabatid na isa ring military reservist ng Philippine Air Force si Kat, kung saan umayon ang tadhana sa dalaga matapos ipasa ni Eduarda Braum ng Brazil ang korona.Matematika Kasabay ng koronasyon, unang ipinakilala rin ng organisasyon ang bagong Fioletowa Crown, na dinisenyo ng Venezuelan jeweler na si George Wittels at tampok ang mga kulay ng lilang gemstones bilang simbolo ng ambisyon, dangal, at tagumpay ng isang babae. Ang tagumpay ni Katrina Llegado ang naghatid sa Pilipinas ng ikalawang Miss Supranational crown, 13 taon matapos ang makasaysayang panalo ni Mutya Datul noong 2013.



## Ukraine, tinamaan ang 2 Russian oil refineries – Zelensky

Kinumpirma ni Ukraine President Volodymyr Zelensky na tinamaan ng kanilang militar ang dalawang oil refineries ng Russia. Sa isang online post, sinabi ni Zelensky na tinamaan ng Defense Forces ng Ukraine ang Slavneft-Yanos refinery sa Yaroslavl at Bashneft- Novoil refinery sa Bashkortostan.

Sinabi rin ng Ukrainian president na tinamaan din nila ang dalawang military patrol boats at vessels mula sa shadow fleet ng Russa sa Black Sea. Ayon naman sa gobernador ng Yaroslavl na si Mikhail Evraev, nawasak nila ang Ukranian drones na umaatake sa rehiyon subalit nagdulot ng sunog ang mga bumabagsak na debris sa tatlong kabahayan. Kinumpirma kalaunan ng gobernador na mayroong apat na katao ang nasugatan ng shrapnel, subalit sa kabutihang palad ay walang nasawi.

## History Facts

### The world's most successful pirate in history was a lady

Named Ching Shih, she was a prostitute in China. This was until the Commander of the Red Flag Fleet bought and married her.

But rather than just viewing her as a wife, her husband considered her his equal, and she became an active pirate commander in the fleet.

Ching Shih soon earned the respect of her fellow pirates. So much so that after her husband's death, she became the captain of the fleet.

Under Shih's leadership, the Red Flag Fleet consisted of over 300 warships, with a possible 1,200 more support ships. She even had a possible 40,000 – 80,000 men, women, and children.

They terrorized the waters around China. The Red Flag Fleet was such a fearsome band of raiders that the Chinese government eventually pardoned Ching Shih and her entire fleet – just to get them off the high seas!

## ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 7 | 3 | 5 | 9 | 6 | 4 | 2 | 8 |
| 6 | 8 | 4 | 1 | 7 | 2 | 5 | 9 | 3 |
| 9 | 5 | 2 | 3 | 4 | 8 | 7 | 1 | 6 |
| 5 | 2 | 1 | 7 | 6 | 3 | 8 | 4 | 9 |
| 3 | 6 | 9 | 4 | 8 | 5 | 1 | 7 | 2 |
| 8 | 4 | 7 | 2 | 1 | 9 | 6 | 3 | 5 |
| 4 | 9 | 8 | 6 | 3 | 1 | 2 | 5 | 7 |
| 7 | 3 | 5 | 8 | 2 | 4 | 9 | 6 | 1 |
| 2 | 1 | 6 | 9 | 5 | 7 | 3 | 8 | 4 |

## MONDAY - SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 8 | | 9 | | | | 6 | 3 |
| | | | | 6 | | | | 8 |
| | 4 | | 1 | 7 | | 9 | | |
| 8 | | | | | 7 | 5 | 4 | 2 |
| | 7 | 5 | | | | 6 | 3 | |
| 3 | 9 | 2 | 6 | | | | | 1 |
| | | 9 | | 1 | 5 | | 8 | |
| 2 | | | | 3 | | | | |
| 1 | 3 | | | | 9 | | 5 | |





#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City

Contact : Juliana Diesta # 09052264801

krusty.ebox@gmail.com


Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: August 17 - 23, 2026




FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: August 17 - 23, 2026


## CROSSWORDS



### Across

1. Train for a boxing match
5. Love deeply
10. Follow directions
14. "Beloved" novelist Morrison
15. Kitchen gadget for apples
16. Locale
17. Bygone GM division
18. "Understood"
19. Prize grabber in an arcade game
20. Formal event attended in costume
23. Like a parent at graduation
24. "Man of Steel" director Zack
25. Geological span
27. Scissors sound
30. Wimbledon org.
33. Last film starring Daniel Craig as James Bond
39. Cardamom-infused tea
41. Subscribe again
42. Turn down
43. Official record on a ship
46. Broke bread
47. Trace of smoke
48. Baby goat
50. Humiliated
55. Walkie-talkie, e.g.
59. Call for action, or what one might say before using the ends of 20-, 33-, and 43-Across
62. College admissions office offering
63. Garden pest
64. Hideout
65. Bilingual cartoon explorer
66. Kitchen gadget for flour
67. Poker buy-in
68. "Don't come any closer!"
69. Cuts (down)
70. Talk back to

### DOWN

1. Tread heavily
2. __ opposites
3. "Consequently ... "
4. Racy
5. Zoning unit
6. Opportunities, metaphorically
7. Church instrument with pipes
8. Like the sound of an oboe
9. Made a blunder
10. Nomination from the Academy
11. Bar tab, e.g.
12. List-shortening abbr.
13. Source of some flexible wood
21. Thick Japanese noodle
22. Breezy email sign-off
26. Sushi wrapper
28. Brainchild
29. Ice cream purchase
30. UNC's athletic gp.
31. Defrost
32. Big __: David Ortiz nickname
34. Perfect score in diving, or half a score
35. Connections
36. EGOT-winning Brooks
37. Furry "Star Wars" creature
38. Potato spot
40. "We've been duped!"
44. Emer. alerts
45. "You go, __!"
49. Texas city known as "Big D"
51. Audibly shocked
52. Vintage photo tone
53. Early anesthetic
54. Motivation
56. Taurasi who holds the WNBA record for career points
57. Monogram pts.
58. Fairy tale baddies
59. Stolen goods
60. Capital of France?
61. Poems of tribute
62. QB stats

## ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| W | I | K | I | | P | L | E | D | | S | L | A | B |
| I | D | O | S | | E | I | R | E | | K | U | R | T |
| T | E | N | S | | A | L | I | T | | I | A | M | S |
| S | A | G | U | A | R | O | C | A | C | T | U | S | |
| | | | E | F | T | | | C | U | T | | | |
| L | I | B | R | A | R | Y | S | H | E | L | V | E | S |
| O | T | S | | R | E | A | P | | D | E | A | L | T |
| A | S | I | S | | E | D | I | T | | S | L | U | R |
| M | O | D | E | M | | D | E | A | R | | E | D | U |
| S | K | E | L | E | T | A | L | S | Y | S | T | E | M |
| | | | L | O | O | | | T | E | E | | | |
| | S | H | O | W | S | O | M | E | S | P | I | N | E |
| B | E | A | U | | S | N | O | B | | T | O | O | L |
| R | E | N | T | | E | C | R | U | | E | W | E | S |
| O | D | D | S | | D | E | E | D | | T | A | L | E |

## MONDAY WORD HUNT

### THREES COMPANY



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | M | O | R | J | U | L | I | E | T | B | U |
| E | T | W | O | O | D | Y | O | R | A | R | T |
| E | S | P | E | N | C | E | R | R | E | A | C |
| R | A | S | R | A | S | P | B | E | R | R | Y |
| E | Z | Y | R | U | B | A | C | T | N | A | D |
| B | C | C | G | B | R | E | R | A | P | H | E |
| U | P | H | S | A | H | B | S | O | E | O | T |
| Z | S | S | Y | A | R | H | L | S | B | E | E |
| Z | H | R | R | P | N | I | A | T | U | I | C |
| M | A | E | H | A | C | N | A | T | R | S | T |
| C | W | T | E | E | T | R | O | U | T | S | I |
| N | N | S | N | A | I | J | E | E | O | A | V |
| A | R | U | R | D | Z | A | S | R | N | L | E |
| B | A | G | Y | A | G | E | N | C | Y | O | A |

**FURLEY**
**SUPERINTENDANT**
**MAINTENANCE**
**JOYCE**
**JANET**
**BLONDE**
**DON**
**DEWITT**
**LARRY**
**CHRISSY**
**BRUNETTE**
**KNOTTS**
**SUZANNE**
**DALLAS**
**JACK**
**CHEF**
**RITTER**
**SOMERS**
**ROPER**
**GAY**
**JOHN**
**AUDRA**
**KLINE**



# Sabalenka, Pegula, Swiatek, pare-parehong nakapasok sa Round of 16 ng Canadian Open

Halos magkasabay na umusad sa fourth round ng WTA 1000 Canadian Open ang tatlong tennis star na sina top seed Aryna Sabalenka, third seed Jessica Pegula, at seventh seed Iga Swiatek.


Tinalo ni Sabalenka si Zhang Shuai sa dalawang set, 6-3, 6-4, para umusad sa Round of 16.

Inabot lamang ng 76 ang bakbakan ng dalawa at tuluyang napasakamay sa 28-anyos na kasalukuyang US Open champion matapos ang dominanteng performance.

Sa kabilang banda, tinalo naman ng 3rd seed na si Pegula ang tennis star ng Uzbekistan na si Kamilla Rakhimova sa score na 6-4, 6-0.

Hindi pinatagal ni Pegula ang laban at inabot lamang ito ng 68 minutes para tuluyang umusad sa quarter-final. Makakalaban niya si Russian 15th seed, Diana Shnaider sa naturang antas.

Samantala, nagawa naman ni Swiatek na umusad sa QF matapos ang dominanteng 6-2, 6-1 na panalo laban kay Swiss player, Viktorija Golubic sa loob ng 66 minutes. Ang tatlong tennis star ay pare-aprehong nasa upper portion ng Women Tennis Association ranking dahil sa impresibong kampaniya sa mga naunang sinalihang international tennis tournament.







# National Bank Open organizer, gulat sa Pinoy power ni Eala at ng buhos ng fans nito

Nagulat ang organizer ng National Bank Open sa Canada sa bilis ng pagkaubos ng tickets sa mga laban ng Pinoy tennis star na si Alex Eala.

Ayon kay Karl Hale, tournament director ng WTA 1000 event, hindi inaasahan ang dagsa ng mga Pilipinong fans na sumuporta sa laban ni Eala kontra American player Alycia Parks nitong Huwebes, Agosto 6.

Sa naturang laban, nanaig si Eala sa score na 6-1, 4-6, 6-2 upang makapasok sa third round.

Bilang tugon sa dami ng Pinoy supporters, nag-alok ang organizers ng "adobo chicken" sa food court ng Sobey's Stadium na may seating capacity na 10,077.

Ayon kay Hale, ito ang unang pagkakataon na nagdagdag ng espesyal na pagkain sa kalagitnaan ng torneo dahil lamang sa isang manlalaro.

Itinuturing ng mga organizers na patunay ang mainit na suporta kay Eala ng lakas ng komunidad ng mga Pilipino sa Canada.

Ang tagumpay at kasikatan ni Eala ay nagbigay ng kakaibang kulay sa torneo, na ngayon ay mas nakikilala hindi lamang sa larangan ng tennis kundi pati na rin sa pagpapakita ng kulturang Pilipino.



# EJ Obiena, nasungkit ang ika-7 ginto ngayong season sa Germany

Patuloy na namamayagpag ang Filipino pole vault star na si EJ Obiena matapos masungkit ang kanyang ikapitong gintong medalya ngayong season sa International Stabhochsprung Meeting sa Jockgrim, Germany.

Naitala ni Obiena ang 5.83 meter high dahilan para masungkit ang kampeonato, ilang araw lamang matapos din niyang magwagi sa Halberstadter Hohenflug.

Nakalamang si Obiena kay Siefeldin Abdelsalam ng Qatar sa pamamagitan ng countback matapos pareho silang lumundag ng 5.83 meter. Nakuha naman ni Ersu Sasma ng Turkey ang bronze medal matapos maitala ang 5.77 meter high sa 12-man competition.

Matapos maselyohan ang panalo, sinubukan pa ni Obiena na lampasan ang 5.93 meter upang maitala ang kanyang season-best, ngunit hindi niya ito nalundagan.

Aminado ang Filipino Olympian na hindi naging madali ang kompetisyon dahil sa ilang naging problema sa warm-up ngunit masaya pa rin daw siya sa naging resulta ng kanyang laban.Chemistry


PVN SPORTS

VOL. 09 ISSUE NO. 03 AUGUST 17 - 23, 2026 ₱ 15.00


# Beermen tinambakan ang Macau 131-79



Tinambakan ng San Miguel Beermen ang Macau Giant Pandas 131-79 sa nagpapatuloy na 2026 PBA Governor's Cup.

Bahagyang nahinto ang laro dahil sa pagtulo ng tubig mula sa kisame ng Ynares Sports Center sa Montalban.

Mula sa simula ay dominado ng Beermen ang laro kung saan hindi nila hinayaan na makaabot pa ang Macau.

Mayroon ng anim na panalo at dalawang talo ang Beermen sa Group A.

Habang ang Macau ay mayroong dalawang panalo at anim na talo.

Nanguna sa panalo ng Beermen si George King na nagtala ng 19 points habang mayroong 14 points si Jericho Cruz at 13 points naman ang naitala ni Jeron Teng.

# Alas Pilipinas Women, silver medalist sa SEA V Cup matapos ang thrilling win kontra Indonesia



Nasungkit ng Alas Pilipinas Women ang kauna-unahang silver medal ng bansa sa SEA V Cup matapos pataubin ang Indonesia, 25-13, 23-25, 25-19, 33-31, nitong Linggo sa Thailand.

Matapos ang matinding laban na umabot sa marathon fourth set, nakaligtas ang Alas Pilipinas sa walong set points ng Indonesia bago tuluyang selyuhan ang panalo.

Nagtabla pa ang dalawang koponan sa 31-all bago umarangkada ang Pilipinas.

Nanaig ang crucial block nina Fifi Sharma at Jia de Guzman para pigilan ang Indonesia, bago tuluyang magkamali ang kalaban sa drop shot at maibigay sa Pilipinas ang makasaysayang panalo.

Dahil dito, nalagpasan na ng Alas Pilipinas ang anim nitong bronze-medal finishes mula nang itatag ang torneo noong 2019, na noon ay tinawag na ASEAN Grand Prix bago naging SEA V.League at kalaunan ay SEA V Cup.

# Aludo, Korean top seed clash for Hilado J60 Week 2 girls' crown



Stefi Marithe Aludo defeated Jana Jelena Nicole Diaz, 6-4, 6-1, Saturday to reach the girls' singles final in the Oscar J. Hilado J60 World Tennis Championship Week 2 at Rizal Memorial Tennis Center in Manila.

The victory set up the Philippine Tennis Academy member against top seed and first leg champion Lee Yerin of Korea, who beat compatriot Park Seojin, 6-4, 6-3, in the other semifinal match.

Aludo, who bagged two bronze medals at the 2025 Thailand Southeast Games, hopes to avenge her 3-6, 0-6 loss to Lee in the first round last week.

Meanwhile, first leg doubles champions Aludo and Jallorina beat Kimika Fukui of Japan and Han Frida Siu of Hong Kong to reach the semifinals.

They will battle Indonesian Gwen Emily Kurniawan and Chinese Mengxi Sun, who ousted Filipino pair Kathlyn Ann Bugna and Maristella Torrecampo, 6-1, 6-4.

Diaz and Indonesian partner Assyifa Khansa Putri Raga also marched to the Final Four, beating Sorvisa Kulphisanrat and Paramee Tadkaew of Thailand, 6-0, 7-6 (2).

Diaz and Raga will face top seeds Lee and Park, 6-2, 6-1, who won over Ai Shin Huang of Chinese Taipei and Xu Yishan of China. In the boys' division semifinals, No. 2 Jian Huang of China whipped No. 7 Ribhav Saroha of India, 6-1, 6-1.

In the finals, Huang will face No. 4 Yashwin Dahiya of India, who prevailed over Jack Cooper of Hong Kong, 6-3, 6-4.

In the doubles, top seeds Huang and Dahiya beat Masamune Matsumoto and Luke Morgan of Japan, 6-3, 6-0, to advance to the semifinals against Kenzo Marcus Brodeth and Steven Cabanilla, winners over Kousuke Ko of Chinese Taipei and Saroha, 3-6, 6-4, 10-7.

Playing in the other semifinal match are second seeds Weibo Huang and Bing-Huan Tsai of Chinese Taipei against Filipinos John Kendrick Bona and Stephen Yu Fuertes.

They advanced after Huang and Tsai downed Yo-Chi Chen of Chinese Taipei and Kang Daeheon of Korea, 6-1, 6-3; Bona and Fuertes booted out Vivaan Bidasaria and Aaradhya Mhasde of India, 6-4, 6-4. **(PNA)**

# FIFA pres. Infantino humingi ng paumanhin matapos ang batikos dahil sa planong pagbenta ng stakes



Humingi ng paumanhin si FIFA president Gianni Infantino dahil sa kontrobersyal na pahayag nito na planong pagbenta sa stakes sa mga private investors.

Sinabi nito na kahit na nagkaroon ng ito ng mga pagkakamali ay nakatanggap pa rin ito ng suporta sa mga opisyal ng FIFA at mananatili pa rin itong pangulo.

Una ng pinatawag si Infantino ng mga miyembro ng management board ng FIFA Africa office matapos ang kritisismong natanggap niya.

Una ng sinabi ng European football governing body na UEFA na nawalan na sila ng tiwala kay Infantino matapos na batikusin nito ang FIFA Forward Enterprise proposal.

# Tagaytay to host Asian Youth Plus Track Championships in 2027

Tagaytay City will host the inaugural Asian Youth Plus Track Championships next year at the Tagaytay CT Velodrome,

According to Philippine Olympic Committee (POC) president Abraham "Bambol" Tolentino.

The new continental championships for track cyclists aged 16 and below was approved during the Asian Cycling Confederation (ACC)

Management Committee Meeting held in Kuala Lumpur over the weekend.

"The Asian Youth Plus Track Championships aims to provide a platform to develop young cyclists in the whole of Asia with an expanded scope including Oceania," Tolentino said.

"It will enable young Asian cyclists to compete against a broader international field and further raise the standard of competition," he added.

The POC president said the dates of the track championships will be announced soon.

The Tagaytay CT velodrome hosted the ACC Track Championships and Para Track Championships last March and will again play venue to two legs of the Track Asia Cup in December.

"The new championship[s] will focus primarily on Boys and Girls categories, providing young riders with valuable international competition opportunities at an early stage of their development," ACC president Dato' Amarjit Singh Gill said in the confederation's official statement.